



San Francisco  
**Water Power Sewer**  
Services of the San Francisco Public Utilities Commission

LUNGSOD NG SAN FRANCISCO

**2023**

**Taunang Ulat sa  
Kalidad ng Tubig**





# 2023

## Taunang Ulat sa Kalidad ng Tubig

LUNGSOD NG SAN FRANCISCO

### Talaan ng Nilalaman:

1	Panimula . . . . .	1
2	Ang Mga Pinagkukunan at Treatment ng Ating Inuming Tubig . . . . .	2
3	Kalidad ng Tubig . . . . .	3
4	Mga Espesyal na Pangangailangang Pangkalusugan . . . . .	4
5	Mga Contaminant at Regulasyon . . . . .	5
6	Inuming Tubig at Lead . . . . .	7
7	Mga Pangunahing Termino sa Kalidad ng Tubig . . . . .	8

### Buod ng Ulat sa Kalidad ng Tubig

Ang San Francisco Public Utilities Commission (SFPUC) ay isang pampublikong ahensya. Nagpapatakbo kami ng panrehiyong sistema ng tubig. Naghahatid ang sistemang ito ng inuming tubig sa mahigit 2.7 milyong residente at libo-libong negosyo sa Bay Area. Taon-taon kaming naglalabas ng mga Ulat sa Kalidad ng Tubig para sa mga customer sa loob at labas ng San Francisco. Sa ulat na ito, malalaman ninyo kung saan nanggagaling ang inyong tubig, kung paano namin ito tini-treat, at ang pangkalahatan nitong kalidad. Pangako naming magbigay ng de-kalidad na inuming tubig sa lahat ng aming customer. Noong 2023, natugunan ng ating tubig ang lahat ng pamantayang pederal at pang-estado.

# 1

## Panimula

Nagbibigay ang San Francisco Public Utilities Commission ng de-kalidad na tubig na nakakatugon sa lahat ng pamantayang pederal at pang-estado sa 2.7 milyong residente at libo-libong negosyo sa mga lungsod at bayan sa buong rehiyon. Sa pamamagitan ng maingat na pangangasiwa sa ating mga likas na yaman at sa ating imprastruktura, layunin naming palaging makapaghatid ng de-kalidad na inuming tubig sa bawat bahay at negosyo araw-araw. Bagama't naging maulan sa California noong taon ng tubig na 2022-2023, patuloy na magiging mas malala at hindi inaasahan ang lagay ng panahon ng estado dahil sa pangmatagalang pagbabago ng klima. Dahil dito, kakailanganin nating lahat na baguhin ang ating pananaw sa kung paano natin ginagamit ang tubig at ang mga pinagkukunan ng supply na nagagamit natin.

### Pag-unawa sa Ulat na Ito

Naglalabas ang San Francisco Public Utilities Commission ng Ulat sa Kalidad ng Tubig kada taon para magbigay ng partikular na impormasyon tungkol sa kung saan nanggagaling ang inyong tubig, kung paano namin ito tini-treat, at sa pangkalahatan nitong kalidad. Ginagawa namin

ito hindi lang para matugunan ang kahingian ng batas, kundi para makapagbigay rin sa inyo ng oportunidad para matuto, nang sa gayon ay maunawaan ninyo ang mga operasyon sa inuming tubig natin at mga hakbang para protektahan ang pampublikong kalusugan.

Nakatuon kami sa pagbibigay ng de-kalidad na inuming tubig sa lahat ng aming customer. Malaki ang aming sistema at nagtatrabaho kami sa iba't ibang county para panatilihin ang sistemang naghahatid ng inuming tubig para sa inyong pagkonsumo. Umaasa kami na sa ulat na ito, hindi lang basta madaragdagan ang kaalaman ninyo tungkol sa inyong tubig, kundi magkakaroon din kayo ng higit na pag-unawa sa matinding husay, talento, at pagsisikap ng mga kawani ng San Francisco Public Utilities Commission na inilalaan sa pagtitiyak na mayroong maaasahang access sa mahalagang resource na ito ang mga negosyo at residente.

Ipinagmamalaki namin ang ating tubig, at umaasa kaming kayo rin. Sana nasiyahan kayong mas makilala pa kami nang kaunti bilang isang ahensya at kung paano kayo puwedeng makibahagi.

# 2

## Ang Mga Pinagkukunan at Treatment ng Ating Inuming Tubig

Ang halos lahat ng supply ng ating inuming tubig ay nagmumula sa San Francisco Regional Water System, ang wholesale system na pag-aari at pinapagana ng San Francisco Public Utilities Commission. Ang supply ay binubuo ng surface water at groundwater na mahigpit na pinoprotektahan at maingat na pinapamahalaan. Iba't iba ang pinagmumulan at lokasyon ng mga pinagkukunan na ito. Ang surface water ay nakaimbak sa mga imbakang nasa mga bundok ng Sierra Nevada, County ng Alameda, at County ng San Mateo, habang ang groundwater naman ay nakaimbak sa isang malalim na aquifer na nasa hilagang bahagi ng County ng San Mateo at kanlurang bahagi ng San Francisco. Ang pagpapanatili ng ganitong magkakaibang pinagkukunan ay mahalaga para sa agaran at pangmatagalang estratehiya ng San Francisco Public Utilities Commission sa pamamahala ng supply ng tubig. Sa pamamagitan ng iba't ibang pinagkukunan, protektado tayo laban sa mga posibleng pagkaantala dahil sa mga emergency o sakuna, nagbibigay ito ng katatagan sa mga panahon ng tagtuyot, at nakakatulong ito sa atin na matiyak ang isang pangmatagalang at sustainable na supply ng tubig habang tinutugunan natin ang mga isyu gaya ng kawalan ng kasiguraduhan sa klima (climate uncertainty), mga pagbabago sa regulasyon, at paglaki ng populasyon.

Para matugunan ang mga pamantayan sa pagkonsumo ng inuming tubig, ang lahat ng supply ng surface water kabilang ang mga pinagkukunan sa upcountry na hindi Hetch Hetchy

ay sumasailalim sa treatment ng San Francisco Regional Water System bago ito ihatid. Bagama't hindi sakop ng mga pang-estado at pederal na kahingian sa filtration ang tubig mula sa Imbakan ng Hetch Hetchy dahil sa napakataas nitong kalidad, sumasailalim ito sa mga sumusunod na treatment: disinfection gamit ang ultraviolet light at chlorine, pH adjustment para sa pinakamainam na pagkontrol sa corrosion, fluoridation para sa proteksyon sa kalusugan ng ngipin, at chloramination para sa pagpapanatili ng disinfectant residual at pagbabawas sa pagbuo ng mga kontroladong byproduct ng disinfection. Ang tubig mula sa mga lokal na imbakan ng Bay Area sa County ng Alameda at mga pinagkukunang hindi Hetch Hetchy ay inihahatid sa Sunol Valley Water Treatment Plant; habang ang tubig naman mula sa mga lokal na imbakan sa County ng San Mateo ay inihahatid sa Harry Tracy Water Treatment Plant. Kasama sa treatment sa tubig sa mga plantang ito ang filtration, disinfection, fluoridation, pinakamainam na pagkontrol sa corrosion, at pag-aalis ng lasa at amoy. Noong 2023, hindi kami gumamit ng mga pinagkukunan ng tubig sa upcountry na hindi Hetch Hetchy, at kaunting lokal na groundwater lang ang idinagdag sa supply sa pamamagitan ng paghahalo sa mga transmission pipeline at sa Imbakan ng Sunset.

Regular kaming nangongolekta at nagte-test ng mga sample ng tubig mula sa mga imbakan at itinalagang sampling point sa kabuuan ng sistema para matiyak na ang tubig na

### Buod: Mga Pinagkukunan ng Tubig

Ang surface water mula sa mga imbakan ng tubig ang bumubuo sa halos lahat ng tubig na inyong natatanggap. Noong 2023, gumamit din kami ng kaunting groundwater. Pinoprotektahan tayo ng paggamit ng iba't ibang pinagkukunan mula sa mga pagkaputol ng supply sa hinaharap. Ang mga pagkaputol na ito ay posibleng dulot ng tagtuyot, pagbabago ng klima, o paglaki ng populasyon.

Tini-treat namin ang lahat ng inuming tubig bago ito ihatid sa inyo. Gumagamit kami ng paraang pinatunayan ng siyensya para tiyaking natutugunan nito ang lahat ng pederal at pang-estadong pamantayan. Noong 2023, nagsagawa kami ng halos 100,000 pag-test sa inuming tubig. Nagmula ang mga sample sa mga imbakan ng tubig at iba pang punto sa sistema ng tubig.



inihahatid sa inyo ay nakakatugon sa lahat ng pederal at pang-estadong pamantayan sa inuming tubig. Noong 2023, nagsagawa kami ng mahigit 100,000 test sa inuming tubig sa sistema ng pinagkukunan, transmission, at distribution. Bukod pa ito sa masinsinang pagsubaybay sa pagkontrol sa proseso ng treatment na isinasagawa ng aming mga sertipikadong operator at mga online instrument.

Habang dumaraan ang tubig sa ibabaw ng lupa o sa lupa, tinutunaw nito ang mga natural na mineral at, sa ilang pagkakataon, radioactive na materyal, at puwede itong makakuha ng mga substance dahil sa presensya ng mga hayop o sa aktibidad ng mga tao. Sama-samang tinatawag na contaminant ang mga ito. Samakatuwid, ang inuming tubig, maging ang nakaboteng tubig, ay maaaring makatuwirang inaasahan na magkaroon ng kahit kaunting contaminant. Ang pagkakaroon ng mga contaminant ay hindi nangangahulugang delikado na sa kalusugan ang tubig. Para tiyaking ligtas inumin ang tubig mula sa gripo, nagtakda ang United States Environmental Protection Agency at ang State Water Resources Control Board ng mga regulasyong maglilimita sa dami ng ilang partikular na contaminant sa tubig mula sa mga pampublikong sistema ng tubig. Nagtakda rin ng limitasyon ang mga regulasyon ng United States Food and Drug Administration at ang batas ng California para sa mga contaminant sa mga nakaboteng tubig na nagbibigay ng parehong proteksyon para sa pampublikong kalusugan.

### Proteksyon ng Mga Watershed

Nagsasagawa ang San Francisco Public Utilities Commission ng mga survey ng sanitasyon sa watershed para sa pinagkukunang Hetch Hetchy kada taon at para sa mga pinagkukunan ng surface water na hindi Hetch Hetchy kada limang taon. Ang pinakahuling mga survey ng sanitasyon para sa mga watershed na hindi Hetch Hetchy ay nakumpleto noong 2021 para sa mga taong 2016-2020. Naisagawa ang lahat ng survey na ito, pati na ang mga aktibidad ng San Francisco Public Utilities Commission para sa mahigpit na pamamahala ng pagprotekta sa watershed, sa tulong ng mga katuwang na ahensya kabilang ang National Park Service at United States Forest Service. Layunin ng mga taunan at kada limang taon na survey na ito na suriin ang mga kondisyon ng sanitasyon at kalidad ng tubig sa mga watershed, at suriin ang mga resulta ng mga aktibidad sa pamamahala

sa watershed na isinagawa sa mga nakaraang taon. Ang wildfire, wildlife, livestock, at mga aktibidad ng tao pa rin ang mga potensyal na pinagmumulan ng kontaminasyon. Puwede kayong makipag-ugnayan sa tanggapan sa San Francisco District ng Division of Drinking Water ng State Water Resources Control Board sa 510-620-3474 para sa higit pang impormasyon.

### Fluoridation at Dental Fluorosis

Ang fluoridation ng tubig, na ipinag-uutos ng batas ng Estado, ay isang aprubadong proseso na napatunayang ligtas at mabisa sa pag-iwas at pagkontrol sa pagkabulok ng ngipin. Ang target na level ng fluoride ng San Francisco Public Utilities Commission sa tubig ay 0.7 milligram kada litro (mg/L, o part per million, ppm), na tugma sa panregulatoryong gabay ng Estado noong Mayo 2015 para sa mga pinakamainam na level ng fluoride. Ang mga sanggol na pinainom ng formula na tinimpla sa tubig na may ganitong level ng fluoride ay may tsansa pa ring magkaroon ng maliliit na puting linya o marka sa kanilang ngipin. Ang mga markang ito ay tinatawag na hindi malubha hanggang talagang hindi malubhang fluorosis, at kadalasan ay sa ilalim ng microscope lang nakikita. Kahit sa mga pagkakataong nakikita ang mga marka, walang kahit na anong peligro sa kalusugan ang mga ito. Para sa Centers for Disease Control and Prevention, ligtas ang paggamit ng tubig na nilagyan ng pinakamainam na level ng fluoride para sa pagtitimpla ng gatas ng sanggol. Para mapaliit ang tsansang magkaroon ng dental fluorosis, puwede kayong gumamit ng nakaboteng tubig na mababa ang fluoride bilang panimpla sa gatas ng sanggol. Gayunpaman, puwede pa ring magkaroon ng dental fluorosis ang mga bata dahil sa fluoride intake mula sa iba pang source gaya ng pagkain, toothpaste, at mga produkto para sa ngipin. Makipag-ugnayan sa inyong tagapagbigay ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan o sa State Water Resources Control Board kung may mga alalahanin kayo tungkol sa dental fluorosis. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa fluoridation o kalusugan ng bibig, bisitahin ang website ng State Water Resources Control Board na [waterboards.ca.gov/drinking\\_water/certlic/drinkingwater/Fluoridation.html](https://waterboards.ca.gov/drinking_water/certlic/drinkingwater/Fluoridation.html), ang website ng Centers for Disease Control and Prevention na [cdc.gov/fluoridation](https://cdc.gov/fluoridation), o ang aming website na [sfpub.org/TapWater](https://sfpub.org/TapWater).

## Buod: Fluoridation

Nagdaragdag kami ng fluoride sa ating tubig. Iniaatas ng batas ng California ang fluoridation. Napatunayang ligtas ito. Mabisa rin ito sa pag-iwas at pagkontrol sa pagkabulok ng ngipin. Tumutugma ang aming mga level ng fluoride sa pinakamainam na level na itinakda ng estado. Para matuto pa, bisitahin ang [waterboards.ca.gov/drinking\\_water/certlic/drinkingwater/Fluoridation.html](https://waterboards.ca.gov/drinking_water/certlic/drinkingwater/Fluoridation.html), [cdc.gov/fluoridation](https://cdc.gov/fluoridation), o [sfpub.org/TapWater](https://sfpub.org/TapWater).



# 4

## Mga Espesyal na Pangangailangang Pangkalusugan

May ilang tao na posibleng mas bulnerable sa mga contaminant na nasa inuming tubig kumpara sa karamihan. Ang mga taong mahina ang resistensya, gaya ng mga may cancer na sumasailalim sa chemotherapy, mga taong sumailalim sa organ transplant, mga taong may Human Immunodeficiency Virus/Acquired Immunodeficiency Syndrome o iba pang sakit sa immune system, at ilang matatanda at sanggol, ay maaaring partikular na nanganganib sa mga impeksyon. Ang mga taong ito ay dapat humingi ng payo tungkol sa pag-inom ng tubig mula sa kanilang mga tagapagbigay ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan.

*Cryptosporidium*: Isang parasitic microbe na nakikita sa karamihan ng surface water. Regular kaming nagte-test para sa waterborne pathogen na ito at nalaman namin na napakababa ng mga level nito sa tubig sa pinagkukunan at na-treat na tubig noong 2023. Gayunpaman, hindi kayang pag-ibahin ng mga kasalukuyang paraan ng pag-test na aprubado ng United States Environmental Protection Agency ang mga patay na organismo at ang mga organismong puwedeng magdulot ng sakit. Kung makakalunok ng *Cryptosporidium*, puwede itong magresulta sa mga sintomas gaya ng pagduruwal, paghilab ng tiyan, pagtatae, at sakit ng ulo. Dapat malunok ang *Cryptosporidium* para magdulot ng sakit, at puwede itong maikalat sa ibang paraan bukod sa inuming tubig.

Ang mga alituntunin ng United States Environmental Protection Agency at Centers for Disease Control and Prevention sa mga nararapat na paraan para mabawasan ang peligro ng impeksyong dulot ng *Cryptosporidium* at iba pang mikrobyong contaminant ay malalaman sa Safe Drinking Water Hotline ng United States Environmental Protection Agency sa 800-426-4791 o sa [epa.gov/safewater](https://www.epa.gov/safewater).


### Buod: Mga Espesyal na Pangangailangang Pangkalusugan

Sinusukat namin ang mga contaminant sa ating supply ng tubig. Malamang na magkakaroon ng kaunting contaminant ang inuming tubig. Hindi ito nangangahulugang hindi ligtas ang tubig. Malamang na may ilang contaminant ang nakaboteng tubig. Mahigpit na kinokontrol ng mga pederal at pang-estadong pamahalaan ang inuming tubig. Nililimitahan nila kung gaano karami ng mga partikular na contaminant ang puwedeng makita sa pampublikong tubig. Ngayong taon, natugunan ng ating tubig ang lahat ng pamantayang pederal at pang-estado.

Maaaring kailangang maging mas maingat ang ilang tao sa mga contaminant. Kabilang dito ang:

- Mga taong mahina ang resistensya
- Mga taong sumailalim sa (mga) organ transplant
- Mga taong may Human Immunodeficiency Virus/Acquired Immunodeficiency Syndrome o iba pang sakit sa immune system
- Ang ilang nakatatanda at sanggol

Ang mga taong ito ay dapat humingi ng payo mula sa kanilang mga tagapagbigay ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Para matuto pa, bisitahin ang [epa.gov/safewater](https://www.epa.gov/safewater). O tumuwag sa 800-426-4791.





Sa pangkalahatan, kabilang sa mga pinagkukunan ng inuming tubig (tubig galing sa gripo at nakaboteng tubig) ang mga ilog, lawa, karagatan, sapa, pond, imbakan ng tubig, batis, at balon. Maaaring magkaroon ang tubig mula sa mga pinagkukunang ito ng mga contaminant sa mga sumusunod na anyo:

- Mga mikrobyong contaminant, gaya ng mga virus at bacteria na maaaring nagmula sa mga sewage treatment plant, mga septic system, mga operasyon sa agrikultural na livestock, at wildlife
- Mga inorganic na contaminant, gaya ng mga asin at metal, na maaaring natural na nasa kapaligiran o dulot ng agos ng tubig-ulan mula sa lungsod, mga industriyal o domestic na wastewater discharge, produksyon ng langis at gas, pagmimina, o pagbubukid
- Mga pesticide at herbicide na puwedeng mula sa iba't ibang uri ng pinagmumulan gaya ng agrikultura, agos ng tubig-ulan mula sa lungsod, at mga residensyal na paggamit
- Mga organic na kemikal na contaminant, kabilang ang mga synthetic at volatile na organic na kemikal, na mga by-product ng mga industriyal na proseso at produksyon ng petrolyo, at puwede ring mula sa mga gasolinahan, agos ng tubig-ulan mula sa lungsod, agrikultural na paggamit, at mga septic system
- Mga radioactive contaminant, na maaaring natural na nasa kapaligiran o resulta ng produksyon ng langis at gas at mga aktibidad sa pagmimina

Makukuha ang higit pang impormasyon tungkol sa mga contaminant at mga potensyal na epekto sa kalusugan sa pamamagitan ng pagtawag sa Safe Drinking Water Hotline ng United States Environmental Protection Agency sa 800-426-4791, o sa [epa.gov/safewater](http://epa.gov/safewater).

## Batas sa Pagsubaybay sa Hindi Nababantayang Contaminant

Iniaatas ng Batas sa Ligtas na Inuming Tubig sa United States Environmental Protection Agency na mag-isyu kada limang taon ng listahan ng mga hindi nababantayang contaminant na susubaybayan ng pampublikong sistema ng tubig. Iniaatas ng panlimang Batas sa Pagsubaybay sa Hindi Nababantayang Contaminant, na inilathala noong Disyembre 21, 2021, ang pangongolekta ng sample para sa 30 kemikal na contaminant mula 2023 hanggang 2025. Ang mga resulta ng pagsubaybay ay inaasahang magbibigay ng data na valid ayon sa siyensya tungkol sa presensya ng mga contaminant na ito sa inuming tubig sa buong bansa para tulungan ang ahensya sa pagbuo ng patakaran sa hinaharap at paggawa ng batas para sa pagtatatag ng mga naaangkop na pamantayan sa inuming tubig. Kasama sa panlimang Batas sa Pagsubaybay sa Hindi Nababantayang Contaminant ang mga 29 per- at poly-fluoroalkyl substance (PFAS) at lithium. Ang PFAS ay binubuo ng grupo ng libo-libong man-made at persistent na kemikal na ginagamit sa iba't ibang industriya at produkto para sa consumer. Nagsagawa kami ng pagsubaybay sa mga itinalagang lokasyong aprubado ng United States Environmental Protection Agency sa loob ng apat na magkakasunod na quarter noong 2023, at naging non-detect ang lahat ng resulta. Kasama ang dalawang naunang round ng boluntaryong pagsubaybay sa PFAS, ipinagmamalaki naming iulat na ang ating mga supply ng tubig ay hindi nakompromiso ng mga contaminant na ito. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa PFAS, maaari ninyong bisitahin ang website ng State Water Resources Control Board na [waterboards.ca.gov/pfas](http://waterboards.ca.gov/pfas), website ng San Francisco Public Utilities Commission na [sfpuc.org/TapWater](http://sfpuc.org/TapWater), at/o website ng United States Environmental Protection Agency na [epa.gov/pfas](http://epa.gov/pfas).

## Buod: Walang Na-detect na PFAS

Maaaring nabalitaan na ninyo ang tungkol sa PFAS. Mga man-made na kemikal ito na ginagamit na sa industriya at mga produkto para sa consumer sa buong mundo mula pa noong 1940s. Wala kaming na-detect na PFAS sa ating tubig. Para matuto pa, bisitahin ang [waterboards.ca.gov/pfas](http://waterboards.ca.gov/pfas), [sfpuc.org/TapWater](http://sfpuc.org/TapWater), at/o [epa.gov/pfas](http://epa.gov/pfas).





# Report Card ng Kalidad ng Tubig

Makikita sa Report Card ng Kalidad ng Tubig na ito ang estado ng inyong tubig. Ngayong taon, natugunan ng ating tubig ang lahat ng pamantayang pederal at pang-estado.

Mga Potensyal na Contaminant	Bakit Natin Ito Tine-test	Posibleng Pinagmulan	Pinagkukunan ng Inyong Tubig	
Mga mikrobyo Mga microscopic na organismo gaya ng Coliform bacteria, <i>Giardia</i> , at <i>Cryptosporidium</i>	Puwedeng magkasakit ang mga tao pagkainom ng ilang baso ng tubig na mayroon nito.	Natural na nasa kapaligiran o mula sa mga hayop o aktibidad ng mga tao	Nalampasan ang Mga Pang-estado at Pederal na Kinakailangan sa Kalidad ng Tubig	✓
Copper at Lead	Puwedeng magdulot ng mga isyu sa kalusugan ang matataas na level sa loob ng mahabang panahon.	Corrosion ng mga tubo sa loob ng bahay	Nalampasan ang Mga Pang-estado at Pederal na Kalidad ng Tubig Kalidad ng Tubig	✓
Mga Byproduct ng Disinfection Mga byproduct ng proseso ng pag-disinfect ng inuming tubig - mga trihalomethane at haloacetic acid	Puwedeng magdulot ng mga isyu sa kalusugan ang matataas na level sa loob ng mahabang panahon.	Proseso ng disinfection ng tubig	Nalampasan ang Mga Pang-estado at Pederal na Kalidad ng Tubig Kalidad ng Tubig	✓
Turbidity – pagkalabo ng tubig dahil sa mga nakalutang na particle sa tubig	Kung mas malinaw ang tubig, mas mataas ang kalidad	Agos mula sa lupa	Nalampasan ang Mga Pang-estado at Pederal na Kalidad ng Tubig Kalidad ng Tubig	✓
Fluoride	Puwedeng magdulot ng mga marka sa ngipin ang matataas na level sa paglipas ng mahabang panahon.	Erosion ng mga natural na deposito at iniatas na additive sa tubig para sa kalusugan ng ngipin	Nasa pinakamainam na level na inirerekomenda ng CDC	✓
PFAS	Mga synthetic na organic na kemikal na resistant sa init, tubig, at langis	Madalas gamitin sa mga produkto para sa consumer at industriya	Walang na-detect na PFAS	✓



Ang exposure sa lead, kung mayroon, ay puwedeng magdulot ng malulubhang isyu sa kalusugan sa lahat ng edad, lalo na sa mga buntis at maliliit na bata. Ang mga sanggol at batang umiinom ng tubig na may lead ay puwedeng magkaroon ng mababang intelligence quotient at maikling attention span, pati na rin mas maraming problema sa pagkatuto at pag-uugali. Ang mga anak ng mga babaeng na-expose sa lead bago o habang nagbubuntis ay maaaring may mas malaking panganib na makaranas ng mga ganitong masasamang epekto sa kalusugan. Ang mga adult ay maaaring magkaroon ng mas malaking panganib ng sakit sa puso, mataas na presyon ng dugo, mga problema sa bato o nervous system. Ang lead sa inuming tubig ay kadalasang mula sa mga materyales at bahaging nauugnay sa mga linya ng serbisyo at tubo sa bahay. Responsibilidad namin ang paghahatid ng de-kalidad na tubig at pag-aalis ng mga tubong gawa sa lead, pero hindi namin kontrolado ang iba't ibang materyales na ginagamit sa mga tubo sa inyong bahay. May responsibilidad kayo sa pagprotekta sa inyong sarili at sa inyong pamilya laban sa lead sa mga tubo ninyo sa bahay. Magagawa ninyo ito sa pamamagitan ng pagtukoy at pag-aalis ng mga materyales na gawa sa lead sa mga tubo ninyo sa bahay, at sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga hakbang para mapaliit ang peligro sa inyong pamilya. Kapag ilang oras nang hindi dumadaloy ang inyong tubig, puwede ninyong mapaliit ang posibilidad na ma-expose sa lead sa pamamagitan ng pagpapadaloy ng tubig sa inyong mga tubo sa loob ng ilang minuto, gaya ng pagbubukas ng inyong gripo, pagligo sa shower, paglalaba o paghuhugas ng pinggan, bago gamitin ang tubig para sa pag-inom at pagluluto. Kung papadaluyin ninyo ang tubig mula sa gripo, puwede ninyong kolektahin ang ipinadaloy na tubig at gamitin ulit ito sa ibang kapaki-pakinabang na layunin, tulad ng pagdidilig ng mga halaman. Puwede rin kayong gumamit ng filter na sertipikado ng certifier na awtorisado ng American National Standards Institute para alisin ang lead sa inuming tubig.

Kung may alalahanin kayo tungkol sa lead sa inyong tubig, puwede ninyong ipa-test ang inyong tubig. Nag-aalok kami ng mga murang pag-test ng tubig para sa lead sa halagang \$25 bawat gripo. Tawagan ang 311 o i-access ang aming website na [sfuc.org/LeadTest](https://sfuc.org/LeadTest) para sa mga detalye. Puwede makakuha ang mga kliyenteng naka-enroll sa Women, Infants and Children program ng mga libreng voucher sa pag-test para sa lead sa aming partner na ahensya na San Francisco Department of Public Health.

Bukod sa aming mga hakbang sa pagprotekta sa pinagkukunan ng tubig at murang pag-test para sa lead, ipinagpapatuloy namin ang mga sumusunod na programa para mapababa ang exposure ng mga customer sa lead sa tubig:

- Pagpapalit ng mga natitirang metrong gawa sa brass sa mga naka-automate na metro ng tubig na walang lead
- Pag-aalis/pagpapalit ng mga pipeline na gawa sa lead (tingnan sa ibaba)

- Paggawa ng gabay sa pagpapadaloy ng tubig
- Pag-test sa Day Care/Paaralan

Makikita sa [epa.gov/lead](https://epa.gov/lead) ang impormasyon tungkol sa lead sa inuming tubig, mga paraan ng pag-test, at mga hakbang na puwede ninyong gawin para mapababa ang exposure.

### Linya ng Serbisyo para sa User na Gawa sa Lead

Noong Hulyo 2020, nagsumite kami ng 10 taong iskedyul na pagpapalit ng mga bahaging gawa sa lead sa State Water Resources Control Board at sinimulan naming palitan ang humigit-kumulang 1,578 linya ng serbisyo na gawa sa galvanized steel na maaaring may mga lead whip sa sistema ng distribusyon. Kasama sa iskedyul ang mga inspeksiyon sa field para kumpirmahin ang mga linya ng serbisyo na hindi tukoy ang materyales. Kung may makitang linya ng serbisyo na galvanized o kung hindi ma-verify ang isang hindi kilalang materyales, iiiskedyul ang pagpapalit sa linya ng serbisyo. Kasabay ng pagbuo ng programa sa pagpapalit, naglagay din kami ng mapa kung saan puwede maghanap ang customer, na naka-post sa website ng San Francisco Public Utilities Commission na [sfuc.org/Lead](https://sfuc.org/Lead). Puwedeng gamitin ng customer ang mapa para tukuyin kung hindi tukoy o galvanized ang linya ng serbisyo sa isang address. Noong Hulyo 2021, in-update ang 10 taong iskedyul sa pagpapalit ng mga bahaging gawa sa lead at inilagay ang bilang ng mga serbisyong may hindi tukoy at galvanized na materyales na hindi pa naiinspeksyon. Ipinakita rin sa mga kamakailang pagbabago na patas na isinasama sa buwanang inspeksiyon sa field at iskedyul ng pagpapalit ang mga customer na nasa mahihirap na komunidad. Mula noong Abril 2024, may 1,457 kumpirmadong galvanized na linya ng serbisyo at 10 inspeksyon sa field na hindi pa naisasagawa.

Sinimulan na rin namin ang paghahanda ng imbentaryo ng mga materyales para sa linya ng serbisyo sa panig ng customer: humigit-kumulang 7,100 ang mga inspeksyon sa field na isinagawa mula 2020 hanggang 2023, at halos 10% ng mga linya ng serbisyo na ito ay natukoy na galvanized. Mula 2019 hanggang 2021, nagsagawa ang mga kawani ng pilot na pag-aaral para suriin ang mga level ng lead sa mga bahay sa San Francisco kung saan pinalitan ang mga linya ng serbisyo para sa user na gawa sa lead. 36 na kalahok sa kabuuan ang nagboluntaryong sumali sa pag-aaral, at ayon sa mga resulta, tumaas nang kaunti ang mga level ng lead sa mga sample ng tubig mula sa gripo isang linggo pagkatapos palitan ang linya ng serbisyo para sa user na gawa sa lead at pagkatapos ay bumaba ito sa mga level na mas mababa kaysa sa Level para sa Aksyon.

May mga kapansin-pansin pa ring resulta sa lead ang ilan sa mga kalahok na ito sa una nilang isang litrong sample, na nagpapakitang posibleng may epekto pa rin ang mga tubo sa bahay sa lead na nade-detect sa tubig mula sa gripo. Hindi ito

naiiba sa mga resulta ng water utility sa buong county. Tingnan ang [sfpuc.org/Lead](https://sfpuc.org/Lead) para sa ulat tungkol sa “Impact of Lead Components on Household Lead Levels at the Tap” (Epekto ng Mga Bahaging Gawa sa Lead sa Mga Level ng Lead sa Bahay sa Tubig Mula sa Gripo), na may petsang Marso 2022.

### Mga Resulta ng Sampling ng Tubig Mula sa Gripo na Gawa sa Lead at Copper

Isinagawa namin ang aming kada tatlong taon na pagsubaybay sa Panuntunan para sa Lead at Copper sa 72 site ng gripo ng kinatawang customer noong 2021. Makikita ang mga resulta ng sampling na ito sa [sfpuc.org/Lead](https://sfpuc.org/Lead). Sa 2024 ang susunod na round ng pagsubaybay sa panuntunan para sa lead at copper.

### Mga Pag-test para sa Lead sa Mga Pasilidad ng Pangangalaga sa Bata at Pampublikong Paaralan

Sa ngayon, nakikipagtulungan kami sa San Francisco Unified School District para makatulong sa pagbuo ng isang pangmatagalan at tuloy-tuloy na programa sa pagsubaybay ng lead sa mga K-12 na paaralan. Noong 2023, tinulungan din namin ang school district sa

pagkumpleto sa lead sampling sa mga childcare center sa mga campus ng pampublikong paaralan.

## Buod: Lead

Maaaring magdulot ng malubhang epekto sa kalusugan ang exposure sa lead. Totoo ito lalo na para sa mga buntis at maliliit na bata. Ang lead sa inuming tubig ay kadalasang mula sa mga materyales sa mga linya ng serbisyo at tubo sa bahay. Walang natukoy na linya ng serbisyo na gawa sa lead sa ating sistema. Hindi namin makokontrol ang mga materyales ng tubo na ginamit sa inyong bahay. May responsibilidad din kayong protektahan ang inyong sarili mula sa lead sa mga tubo ninyo sa bahay. Nag-aalok kami ng pag-test ng tubig para sa lead sa murang halaga. Kung naka-enroll kayo sa Women, Infants, and Children program, puwede kayong makatanggap ng libreng pag-test para sa lead. Para matuto pa, bisitahin ang [epa.gov/lead](https://epa.gov/lead).

# 7

## Mga Pangunahing Termino sa Kalidad ng Tubig

Nasa ibaba ang mga pagpapakahulugan ng mga pangunahing terminong tumutukoy sa mga pamantayan at layunin sa kalidad ng tubig na nakasaad sa talahanayan ng data.

- **Public Health Goal (Layunin sa Pampublikong Kalusugan, PHG):** Ang level ng contaminant sa inuming tubig kung saan walang tukoy o inaasahang panganib sa kalusugan kung ang level ng contaminant ay mas mababa rito. Ang California Environmental Protection Agency ang nagtatakda ng mga PHG.
- **Maximum Contaminant Level Goal (Layunin sa Maximum na Level ng Contaminant, MCLG):** Ang level ng contaminant sa inuming tubig kung saan walang tukoy o inaasahang panganib sa kalusugan kung ang level ng contaminant ay mas mababa rito. Ang United States Environmental Protection Agency ang nagtatakda ng mga MCLG.
- **Maximum Contaminant Level (Maximum na Level ng Contaminant, MCL):** Ang pinakamataas na level ng contaminant na puwede sa inuming tubig. Itinatakda ang mga pangunahing MCL nang malapit sa mga PHG o MCLG hangga't praktikal itong magagawa at may kakayahan ang teknolohiya na gawin ito. Itinatakda ang mga Secondary MCL (Sekundaryang MCL, SMCL) para protektahan ang amoy, lasa, at itsura ng inuming tubig.
- **Maximum Residual Disinfectant Level (Maximum na Antas ng Residual Disinfectant, MRDL):** Pinakamataas na level ng disinfectant na puwede sa inuming tubig. Malakas ang ebidensyang kinakailangan ang paglalagay ng disinfectant para makontrol ang mga mikrobyong contaminant.
- **Maximum Residual Disinfectant Level Goal (Layunin sa Maximum na Level ng Residual Disinfectant, MRDLG):** Ang level ng disinfectant sa inuming tubig kung saan walang tukoy o inaasahang panganib sa kalusugan kung ang level ng disinfectant ay mas mababa rito. Hindi ipinapakita ng mga MRDLG ang mga pakinabang ng paggamit ng mga disinfectant sa pagkontrol ng mga mikrobyong contaminant.
- **Primary Drinking Water Standard (Pangunahing Pamantayan sa Inuming Tubig, PDWS):** Mga MCL at MRDL para sa mga contaminant na nakakaapekto sa kalusugan, kasama ang mga kahingian nito sa pagsubaybay at pag-uulat, at mga kahingian sa treatment ng tubig.
- **Regulatory Action Level (Level para sa Panregulatoryong Aksyon):** Ang concentration ng contaminant na kapag nalampasan ay magti-trigger ng treatment o iba pang kahingian na dapat sundin ng isang sistema ng tubig.
- **Treatment Technique (TT):** Isang kinakailangang proseso para mapababa ang level ng isang contaminant sa inuming tubig.
- **Turbidity:** Indicator ng pagiging malinaw ng tubig na sumusukat sa labo ng tubig at ginagamit din para tingnan ang pagiging mabisa ng filtration system. Ang mataas na turbidity ay puwedeng makasagabal sa bisa ng mga disinfectant.



# Sistema ng Tubig ng San Francisco - Data ng Kalidad ng Tubig para sa 2023

Ang ulat na ito ay buod ng kalidad ng tubig noong nakaraang taon. Nakalista sa mga talahanayan sa ibaba ang mga na-detect na contaminant sa ating inuming tubig (maliban kung may ibang nakasaad) noong 2023 at ang impormasyon tungkol sa mga karaniwang pinagmumulan ng mga ito. Hindi ipinapakita ang mga contaminant na mas kaunti kaysa sa mga limitasyon ng pag-detect para sa pag-uulat, alinsunod sa gabay sa regulasyon. Ang San Francisco Public Utilities Commission ay may hawak na waiver sa pagsubaybay ng State Water Resources Control Board para sa ilang contaminant sa mga supply ng surface water at groundwater, ibig sabihin, wala pang taunan ang dalas ng pagsubaybay sa mga ito. Bisitahin ang [sfpub.org/WaterQuality](http://sfpub.org/WaterQuality) para sa listahan ng lahat ng parameter sa kalidad ng tubig na sinubaybayan sa raw na tubig at na-treat na tubig noong 2023.

MGA NA-DETECT NA CONTAMINANT	UNIT	MCL/TT	PHG O (MCLG)	RANGE O LEVEL KUNG SAAN NATAGPUAN	AVERAGE O [MAX]	MGA KARANIWANG PINAGMUMULAN SA INUMING TUBIG
<b>TURBIDITY</b>						
Hindi Na-filter na Tubig ng Hetch Hetchy	NTU	5	N/A	0.3 - 0.9 <sup>(1)</sup>	[2]	Agos mula sa lupa
Na-filter na Tubig mula sa Sunol Valley Water Treatment Plant (SVWTP)	NTU	1 <sup>(2)</sup> Min na 95% ng mga sample ≤0.3 NTU <sup>(2)</sup>	N/A	-	[0.2]	Agos mula sa lupa
Na-filter na Tubig mula sa Harry Tracy Water Treatment Plant (HTWTP)	NTU	1 <sup>(2)</sup> Min na 95% ng mga sample ≤0.3 NTU <sup>(2)</sup>	N/A	-	[0.6]	Agos mula sa lupa
	-		N/A	99.4% - 100%	-	Agos mula sa lupa
<b>MGA BY-PRODUCT AT PRECURSOR NG DISINFECTION</b>						
Kabuuang Dami ng Trihalomethanes	ppb	80	N/A	15 - 93	[48] <sup>(3)</sup>	By-product ng disinfection ng inuming tubig
Limang Haloacetic Acid	ppb	60	N/A	7.9 - 77	[42] <sup>(3)</sup>	By-product ng disinfection ng inuming tubig
Bromate	ppb	10	0.1	ND - 1.7	[1] <sup>(4)</sup>	By-product ng disinfection ng inuming tubig
Kabuuang Dami ng Organic Carbon <sup>(5)</sup>	ppm	TT (% Ratio ng Pag-aalis)	N/A	1.2 - 1.8	[1.5] <sup>(4)</sup>	Iba't ibang natural na pinagmumulan at pinagmumulang gawa ng tao
<b>MICROBIOLOGICAL</b>						
<i>Giardia lamblia</i>	cyst/L	TT	(0)	0 - 0.13	0.03	Natural na nasa kalikasan
<b>MGA INORGANIC</b>						
Fluoride (tubig sa pinagkukunan) <sup>(6)</sup>	ppm	2.0	1	0.4 - 2.6	0.6	Erosion ng mga natural na deposito; additive sa tubig bilang pampatibay ng ngipin
Nitrate (bilang N)	ppm	10	10	ND - 0.6	ND	Erosion ng mga natural na deposito
Chloramine (bilang chlorine)	ppm	MRDL = 4.0	MRDLG = 4	<0.1 - 3.6	[2.7] <sup>(4)</sup>	Disinfectant sa inuming tubig na idinaragdag para sa treatment
<b>MGA CONSTITUENT NA MAY MGA PANGALAWANG PAMANTAYAN</b>						
Aluminum <sup>(7)</sup>	ppb	200	600	ND - 82	ND	Erosion ng mga natural na deposito; ilang residue sa treatment ng surface water
Chloride	ppm	500	N/A	<3 - 17	8.7	Agos / pagkatas mula sa mga natural na deposito
Kulay	Unit	15	N/A	<5 - 5	<5	Mga organic na materyal na natural na nasa kalikasan
Iron	ppb	300	N/A	<6 - 42	19	Pagkatas mula sa mga natural na deposito
Manganese	ppb	50	N/A	<2 - 4.6	2.6	Pagkatas mula sa mga natural na deposito
Specific Conductance	μS/cm	1600	N/A	32 - 289	175	Mga substance na nakakabuo ng mga ion kapag nasa tubig
Sulfate	ppm	500	N/A	1.2 - 36	17	Agos / pagkatas mula sa mga natural na deposito
Kabuuang Dami ng Dissolved Solids	ppm	1000	N/A	<20 - 153	84	Agos / pagkatas mula sa mga natural na deposito
Turbidity	NTU	5	N/A	0.1 - 0.6	0.3	Agos mula sa lupa
<b>LEAD AT COPPER (Mga Sample na Kinuha mula sa Mga Gripo ng Mga Piling Customer) <sup>(8)</sup></b>						
Copper	ppb	1300	300	ND - 383	60	Internal corrosion sa mga sistema ng tubo ng tubig sa bahay
Lead	ppb	15	0.2	ND - 190	7.1	Internal corrosion sa mga sistema ng tubo ng tubig sa bahay
<b>MGA HINDI NABABANTAYANG PARAMETER NG KALIDAD NG TUBIG</b>						
Alkalinity (bilang CaCO3)	ppm	N/A	3.1 - 103	46	</ ≤ = mas mababa sa / mas mababa sa o katumbas ng	
Boron	ppb	1000 (NL)	22 - 65	40	AL = Action Level (Level para sa Aksyon)	
Calcium (bilang Ca)	ppm	N/A	2.9 - 24	13	Max = Maximum	
Chlorate <sup>(9)</sup>	ppb	800 (NL)	30 - 749	141	Min = Minimum	
Chromium (VI)	ppb	N/A	0.11 - 0.35	0.23	N/A = Not Available (Hindi Available)	
Hardness (bilang CaCO3)	ppm	N/A	7.5 - 86	46	ND = Non-Detect (Hindi Na-detect)	
Magnesium	ppm	N/A	0.2 - 8.4	4.7	NL = Notification Level (Level ng Notification)	
pH	-	N/A	8.4 - 9.8	9.2	NoP = Number of Coliform-Positive Sample (Dami ng Coliform-Positive Sample)	
Potassium	ppm	N/A	0.3 - 1.7	1	NTU = Nephelometric Turbidity Unit	
Silica	ppm	N/A	4.4 - 9.4	6.2	ORL = Other Regulatory Level (Iba Pang Panregulatoryong Level)	
Sodium	ppm	N/A	2.7 - 20	14	ppb = part per billion	
Strontium	ppb	N/A	14 - 331	139	ppm = part per million	
					μS/cm = microSiemens/centimeter	

### Mga footnote sa Sistema ng Tubig ng San Francisco - Data ng Kalidad ng Tubig:

(1) Ito ay mga buwanang average na turbidity value na sinusukat kada 4 na oras araw-araw. (2) Isa itong kahingian ng treatment technique para sa mga filtration system. (3) Ito ang pinakamataas na locational running annual average value. (4) Ito ang pinakamataas na running annual average value. (5) Ang total organic carbon (kabuuang dami ng organic carbon, o TOC) ay isang precursor para sa pagbuo ng byproduct ng disinfection. Nalalapat lang ang kahingian ng treatment technique sa na-filter na tubig mula sa Sunol Valley Water Treatment Plant (SVWTP). Noong 2023, ang range ng mga effluent na level ng TOC ng SVWTP ay 0.6 ppm - 3.3 ppm. (6) Non-detect ang natural na fluoride sa pinagkukunang Hetch Hetchy. Ang matataas na level ng fluoride sa raw na tubig sa mga treatment plant ay dahil sa pagkakalipat ng fluoridated na tubig ng Hetch Hetchy sa mga lokal na imbakan. Noong 2023, ang average na level ng fluoride sa mga pinagkukunan ng raw na tubig ay 0.3 mg/L. (7) Mayroon ding primary MCL na 1,000 ppb ang Aluminum. (8) Ang pinakahuling pagsubaybay sa Panuntunan para sa Lead at Copper ay noong Agosto 2021. Tatlo sa 72 sample mula sa site na nakolekta sa mga gripo ng mga consumer ang may mga lead concentration na lampas sa level para sa aksyon. (9) Ang na-detect na chlorate sa na-treat na tubig ay isang produkto ng degradation ng sodium hypochlorite, na ginagamit natin sa disinfection ng tubig.

**Tandaan:** Ang iba't ibang pinagkukunan ng tubig na pinaghahalo sa iba't ibang ratio sa kabuuan ng taon ay nagresulta sa magkakaibang kalidad ng tubig. Puwedeng humingi ng mga karagdagang data sa kalidad ng tubig sa pamamagitan ng pagtawag sa aming toll-free na numero ng Water Quality Division sa 877-737-8297.

## Lokal na Groundwater ng San Francisco - Data ng Kalidad ng Tubig para sa Taon 2023

	MGA NA-DETECT NA CONTAMINANT	UNIT	MCL	PHG 0 (MCLG)	RANGE	AVERAGE	MGA KARANIWANG PINAGMUMULAN SA INUMING TUBIG	
	<b>MGA INORGANIC</b>							
Na-treat na Tubig (Imbakan ng Sunset)	Chromium (VI)	ppb	N/A	0.02	0.02 - 0.31	0.12	Pagkatas mula sa mga natural na deposito; mga waste discharge mula sa electroplating	
	Fluoride	ppm	2.0 (Natural na Pinagmumulan)	1	0.6 - 0.8	0.7	Erosion ng mga natural na deposito; additive sa tubig bilang pampatibay ng ngipin	
	<b>MGA CONSTITUENT NA MAY MGA PANGALAWANG PAMANTAYAN</b>							
	Aluminum <sup>(1)</sup>	ppb	200	600	60	60	Erosion ng mga natural na deposito; ilang residue sa treatment ng surface water	
	Chloride	ppm	500	N/A	4.1 - 16	7.9	Agos / pagkatas mula sa mga natural na deposito	
	Iron	ppb	300	N/A	32 - 34	33	Pagkatas mula sa mga natural na deposito	
	Manganese	ppb	50	N/A	2.3 - 2.4	2.3	Pagkatas mula sa mga natural na deposito	
	Specific Conductance	µS/cm	1600	N/A	54 - 223	112	Mga substance na nakakabuo ng mga ion kapag nasa tubig	
	Sulfate	ppm	500	N/A	4.1 - 4.2	4.2	Agos / pagkatas mula sa mga natural na deposito	
	Kabuuang Dami ng Dissolved Solids	ppm	1000	N/A	38	38	Agos / pagkatas mula sa mga natural na deposito	
Turbidity	NTU	5	N/A	0.1 - 0.6	0.3	Agos mula sa lupa		
Raw na Tubig (Mga Lokal na Balon ng Groundwater ng San Francisco)	MGA NA-DETECT NA CONTAMINANT	UNIT	MCL	PHG 0 (MCLG)	RANGE	AVERAGE	MGA KARANIWANG PINAGMUMULAN SA INUMING TUBIG	
	<b>MGA INORGANIC <sup>(2)</sup></b>							
	Chromium (VI)	ppb	N/A	0.02	5.4 - 24	15	Pagkatas mula sa mga natural na deposito; mga waste discharge mula sa electroplating	
	Chromium	ppb	50	(100)	ND - 21	11	Erosion ng mga natural na deposito; discharge mula sa electroplating	
	Nitrate (bilang nitrogen)	ppm	10	10	6.1 - 7.8	6.8	Mga landscape fertilizer at tumagas na wastewater	
	<b>MGA VOLATILE ORGANIC</b>							
	Carbon tetrachloride <sup>(3)</sup>	ppb	0.5	0.1	ND - 1	ND	Discharge mula sa mga planta ng kemikal at iba pang industriyal na aktibidad	
	Tetrachloroethylene <sup>(4)</sup>	ppb	5	0.06	1.7 - 2.5	2.1	Discharge mula sa mga factory, dry cleaner, at auto shop (metal degreaser)	
	<b>MGA HINDI NABABANTAYANG PARAMETER NG KALIDAD NG TUBIG</b>							
	pH	-	N/A		7.7 - 8.1	7.9		
Strontium	ppb	N/A		145 - 189	167			

### Mga Footnote sa Lokal na Groundwater ng San Francisco - Data ng Kalidad ng Tubig para sa 2023:

(1) Mayroon ding primary MCL na 1,000 ppb ang Aluminum. (2) Na-detect ang mga contaminant na ito sa raw na groundwater. Ang paghahalo ng groundwater sa surface water ay inaprubahan ng State Water Resources Control Board (SWRCB) bilang treatment para sa mga contaminant na ito. Noong 2023, dalawa lang sa anim na lokal na balon (Lake Merced Well at West Sunset Well) ang naghatid ng groundwater sa sistema ng distribusyon nang hindi regular. (3) Na-detect ang contaminant na ito sa South Sunset Well pero hindi sa magkahalong tubig sa Imbakan ng Sunset. Hindi na ginagamit ang South Sunset Well noong 2023. (4) May na-detect na tetrachloroethylene sa Golden Gate Central Well, na nag-supply sa Golden Gate Park sa kabuuan ng 2023 para lang sa irigasyon.





P.O. Box 7369  
San Francisco, CA 94120-7369

Ang mga patakaran sa kalidad ng tubig ay pinagdedesisyunan sa mga pagpupulong ng SFPUC Commission, na isinasagawa tuwing ika-2 at ika-4 na Martes ng bawat buwan nang 1:30 pm sa San Francisco City Hall, Room 400.

**Tim Paulson**, PRESIDENTE  
**Anthony Rivera**, BISE PRESIDENTE  
**Newsha K. Ajami**, KOMISYONADO  
**Kate H. Stacy**, KOMISYONADO

## San Francisco Public Utilities Commission

Araw-araw, naghahatid kami ng de-kalidad na inuming tubig sa 2.7 milyong tao sa mga county ng San Francisco, Alameda, Santa Clara, at San Mateo. Gumagawa kami ng clean at maaasahang hydroelectricity na nagsu-supply ng kuryente sa 100% ng mahahalagang serbisyo sa San Francisco, kabilang ang mga istasyon ng pulis at bumbero, mga ilaw sa kalye, Muni, SF General Hospital, at iba pa.

Naglalaman ang ulat na ito ng mahalagang impormasyon tungkol sa ating inuming tubig. Makipag-ugnayan sa SFPUC Communications sa **628-215-0940** o mag-email sa [nstone@sfgwater.org](mailto:nstone@sfgwater.org) para sa tulong.

Este informe contiene información muy importante sobre su agua potable. Favor de comunicarse en tel **628-215-0940** o [nstone@sfgwater.org](mailto:nstone@sfgwater.org) para asistencia.

**此份水質報告，內有重要資訊。請找他人為你翻譯和解說清楚。**

This report contains important information about your drinking water. Translate it, or speak with someone who understands it.

Este informe contiene información muy importante sobre su agua potable. Tradúzcalo o hable con alguien que lo entienda bien.

Naglalaman ang ulat na ito ng mahalagang impormasyon tungkol sa inyong inuming tubig. Isalin ito, o makipag-usap sa isang taong nakakaunawa nito.

این اطلاعیه شامل اطلاعات مهمی را جمع به آب آشامیدنی است. اگر نمیتوانید این اطلاعات را بزبان انگلیسی بخوانید لطفاً کسی که میتواند تباری بگیرد تا مطالب را برای شما به فارسی ترجمه کند.

Cé rapport contient des information importantes concernant votre eau potable. Veuillez traduire, ou parlez avec quelqu'un qui peut le comprendre.

Этот отчет содержит важную информацию о вашей питьевой воды. Переведите его или поговорите с тем, кто это понимает.

**此份水質報告，內有重要資訊。請找他人為你翻譯和解說清楚。**

**Chi tiết này thật quan trọng. Xin nhờ người dịch cho quý vị.**

この報告書には上水道に関する重要な情報が記されております。翻訳を御依頼なされるか、内容をご理解なさっておられる方にお尋ね下さい。

**यह सूचना महत्वपूर्ण है । कृपा करके किसी से :सका अनुवाद करायें ।**

**이 안내는 매우 중요합니다. 본인을 위해 번역인을 사용하십시오.**

I-follow Kami sa **@MySFPUC**

